

Maaari mo na ngayong bayaran ang iyong mga buwis at pambansang insurance premium gamit ang iyong smartphone!

Maaari kang magbayad sa pamamagitan ng credit card o internet banking sa bahay o sa labas simula sa Abril 2020.

Ano ang mababayaran mo

- Mga Pambayang Buwis / Pang-prefecture na Buwis (Normal na Koleksyon)
- Mga Buwis para sa Permanenteng Pag-aari/Mga Buwis sa Pagpapalano ng Lungsod
- Mga Buwis para sa Maliliit na Sasakyan (Magkakaiba ayon sa uri)
- Mga Premium ng Pambansang Insurance sa Kalusugan

Mga Dapat Tandaan

- ✳ Nalalapat lamang sa mga slip ng pagbabayad na may naka-print na barcode sa mga ito. Ang mga pagbabayad na hihigit sa 300,000 yen ay walang naka-print na barcode sa slip ng pagbabayad at hindi maaaring bayaran sa pamamagitan ng iyong telepono.
- ✳ Hindi ka na maaaring magbayad sa pamamagitan ng iyong telepono kung lumipas na ang petsa ng pag-expire na naka-print sa iyong slip ng pagbabayad.
- ✳ Kung binago mo ang paraan ng pagbabayad mula sa direktang pagbabayad ng debit, makipag-ugnayan sa amin nang hindi bababa sa 2 linggo bago ang takdang araw ng pagbabayad. Naka-print sa likod ang aming impormasyon sa pakikipag-ugnayan.

2 Mga Available na Paraan ng

Bayaran sa pamamagitan ng Credit

- Mga credit card na puwedeng gamitin
Mga card na may sumusunod na mga logo:



- Bayarin sa serbisyo
Tingnan ang talahanayan sa kanan.
 - ✳ Hiwalay na nalalapat ang mga buwis.
 - ✳ Isang beses na pagbabayad lamang. Hindi magagamit para sa pagbabayad nang hulugan.

| Halaga na Bayad (kada transaksyon) | Valor da taxa cobrada |
|---|----------------------------------|
| 1 - 5000 yen | 25 yen (hindi kasama ang buwis) |
| 5001 - 10,000 yen | 75 yen (hindi kasama ang buwis) |
| 10,001 - 20,000 yen | 150 yen (hindi kasama ang buwis) |
| 20,001 - 30,000 yen | 250 yen (hindi kasama ang buwis) |
| 30,001 - 40,000 yen | 350 yen (hindi kasama ang buwis) |
| 40,001 - 50,000 yen | 450 yen (hindi kasama ang buwis) |
| Pagkatapos nito, 100 yen (hindi kasama ang buwis) ang sisingilin para sa bawat karagdagan 10,000 yen. | |

Internet Banking

- Mga Available na Bangko
Tingnan ang homepage ng Mobile Reji (NTT Data Corporation).
 - ✳ Available din ang mga institusyong wala sa listahan ng mga bangko na itinalaga ng Hamamatsu (nasa likod ng pahayag).
 - ✳ Kailangan mo munang mag-apply para sa internet banking. Makipag-ugnayan sa iyong bangko para sa impormasyon tungkol sa kung paano mag-sign up.
- Walang bayarin sa serbisyo

Tungkol sa Pagbabayad

- Hindi magbibigay ng mga resibo. Tingnan ang iyong bank statement o bank book.
- Kung magbabayad ka ng Buwis sa Maliliit na Sasakyan sa pamamagitan ng iyong telepono, hindi magbibigay ng sertipiko sa pagbabayad ng buwis (nozei shomeisho) na kailangan para sa inspeksyon ng sasakyan. Kung kailangan mo ng sertipiko, magbayad sa isang bangko o convenience store na nakalagay sa likod ng slip ng pagbabayad.
- Hindi ka maaaring magbayad sa pamamagitan ng credit card sa mga bangko o mga convenience store.
- Kahit na nakumpleto mo ang pamamaraan nang isang beses, dapat mong ipagpatuloy ang pagkumpleto ng proseso para sa bawat slip ng pagbabayad dahil hindi awtomatikong ibabawas ang pera sa mga kasunod na panahon ng pagbabayad o taong pinansyal.
- Para maiwasan ang pagbabayad nang dalawang beses, tandaan ang araw kung kailan ka nagbayad. Kung nagbayad ka ng dalawang beses, ibalik ang mga buwis (o mga premium ng pangkalusugang insurance) ngunit hindi ang bayarin sa serbisyo sa credit card.
- Para sa impormasyon tungkol sa mga puntos ng credit card, makipag-ugnayan sa iyong kompanya ng credit card.

Paano gamitin ※Sasaluhin ng user ang mga gastos sa pakikipagkomunikasyon.

Una i-download ang app, Mobile Reji. (Walang bayad, walang pagpaparehistro ng user)

Mobile Reji Homepage: <https://solution.cafis.jp/bc-pay/pc>

Puwede mong hanapin ang app sa Google Play (Android) o App Store (iPhone) at i-download ito.

※ Ang Mobile Reji ay isang serbisyo na ibinibigay ng NTT Data Corporation.

※ Tingnan ang listahan ng mga teleponong katugma ng app na ito sa homepage.

Hindi ma-access gamit ang mga flip phone.

Mobile Reji
Homepage



① Buksan ang app.



② Pindutin ang buton na "I-scan ang Barcode".



③ Kunan ng larawan ang barcode sa iyong slip ng pagbabayad.



④ Kumpirmahin ang pagbabayad at pumili ng isang paraan ng pagbabayad.



**"Mobile Banking"※
"Credit card"**

⑤ Kumpirmahin ang Mga Tuntunin ng Paggamit.



⑥ Ilagay ang mga detalye ng iyong credit card o mga detalye ng bangko at kumpletuhin ang pagbabayad.



⑦ Nakumpleto na ang pagbabayad.



※ Ang Mobile Banking ay tumutukoy sa Internet Banking.

Makipag-ugnayan

- Pambayang Buwis Sangay ng Pangkalahatang Ugnayan Kaugnay ng Buwis ng Tanggapang Panlungsod ng Hamamatsu
- Mga Premium ng Pambansang Insurance sa Kalusugan Sangay ng Pambansang Pangkalusugang Insurance at Pensyon ng Tanggapang Panlungsod ng Hamamatsu

TEL 053-457-2261

TEL 053-457-2873